



**Aplikasyon sa Pagpapatala bilang Pampublikong Entidad ng Safe at Home –
Karagdagang Impormasyon**

1. Alinsunod sa Gov. Code §6215.2 (d), may bayarin sa aplikasyon na hinihingi sa mga aplikante na empleyado o contractor ng pampublikong entidad na nahaharap sa mga banta o karahasan dahil sa pagtatrabaho para sa isang pampublikong entidad. Dapat magbayad din ng bayarin sa aplikasyon ang mga kapamilya.
 - a. Ang bayarin sa aplikasyon ay nagkakahalaga ng \$30 alinsunod sa Code of Regulations (CCR) 22100.2 (a) ng California.
 - b. Hindi magpoproseso ng aplikasyon ang Safe at Home hangga't hindi nito natatanggap ang bayad sa aplikasyon.
2. Ang mga pagbabayad para sa aplikasyon ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:
 - a. Tseke o money order sa halagang \$30 na nakatalaga sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado na dapat i-mail kasama ng aplikasyon.
 - **Pakitandaan: ito ang pinakamadali at pinaka-secure na paraan ng pagbabayad.**
 - b. Cash na nagkakahalaga ng \$30 na dapat i-mail kasama ng aplikasyon.
 - c. Credit card na nakasaad sa pamamagitan ng sulat-kamay sa ibaba ng aplikasyon na nagsasabing "Magbabayad sa pamamagitan ng credit card". May miyembro ng team ng Safe at Home na tatawag sa aplikante para kunin ang impormasyon ng credit card sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.
3. Alinsunod sa Gov. Code §6215.2 (f), ang mga empleyado at contractor ng pampublikong entidad na nahaharap sa mga banta o karahasan dahil sa pagtatrabaho para sa isang pampublikong entidad ay magiging sertipikado sa loob ng apat na taon.